
3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Paggalang ng Paniniwala ng Iba Tungkol sa Diyos




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Paggalang ng Paniniwala ng Iba Tungkol sa Diyos**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Elvira V. Zapanta, Lilibeth D. Rabi, Grace B. Guerra, Tresita C. Obas

**Editor:** Arlene U. Lastimoso, Jocelyn E. Oyog, Isabel E. Seganto

**Tagasuri:**

**Tagaguhit:** Solomon Magdadaro

**Tagalapat:** Althea S. Llameg

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Lorenzo E. Mendoza, Felix I. Antecristo, Ernie E. Agsaulio, Nelia Q. Madelo, Alirna O. Andoy

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Paggalang ng Paniniwala ng Iba Tungkol sa Diyos

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Paggalang ng Paniniwala ng Iba Tungkol sa Diyos!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang

hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Paggalang ng Paniniwala ng Iba Tungkol sa Diyos!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |

*Susi sa Pagwawasto* — Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian* — Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa paggalang ng pananampalataya ng ibang relihiyon.

Layunin ng modyul na ito na:

- Nakapagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba tungkol sa Diyos (EsP3PD- IVb–8).

# Subukin

Bago ipagawa ang gawain, ipakilala sa kanila si Maria at si Hamidia. Dalawang batang magkaiba ang pananampalataya.

Basahin ang dayalogo at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Araw ng Biyernes, nagkasalubong ang dalawang magkaibigan na sina Maria at Hamidia.

Maria : Magandang tanghali sa iyo Hamidia. Saan ka pupunta? Bakit ka nagmamadali?

Hamidia : Magandang tanghali rin sa iyo Maria, magsisimba ako.

Maria : Ha? Magsisimba ka? Di ba araw ng Biyernes ngayon?

Hamidia : Tuwing Biyernes kasi ang araw ng aming pagsisimba sa Mosque.

Maria : Ah ganun ba? Sa amin nagsisimba kami tuwing araw ng Linggo.

Hamidia : Sige, Maria maiiwan na kita.

Sagutin ang mga tanong:

1. Sino ang dalawang magkaibigan sa dayalogo?
2. Ano ang kanilang pinag-usapan?
3. Bakit iba-iba ang araw ng kanilang pagsisimba?

# Aralin 1 Paggalang sa Paniniwala ng Iba Tungkol sa Diyos

Ang araling ito ay naglalayong maipakita ang paggalang sa paniniwala at pananampalataya ng iba tungkol sa Diyos. Ito ay isang mabuting gawain. Sa pamamagitan nito, maiiwasan natin ang panghuhusga sa paniniwala ng iba tungkol sa Diyos.

## *Balikan*

Ating tinalakay sa naunang modyul ang tungkol sa pagpapakita ng pananalig sa Diyos at ang pagkakaroon ng pag-asa upang makamit ang ating minimithing pangarap.

### Ilarawan mo Ako!






Gabay na Tanong:

- Ano ang masasabi mo sa larawan?
- Alin sa dalawang larawan ang nagpapakita ng iyong relihiyon?
- Dapat ba nating igalang ang relihiyon ng isa't isa? Bakit?

## Tuklasin



Pagmasdan ang larawan sa itaas. Sa iyong palagay, ano ang nais ipahayag ng larawan?

Maipakikita natin ang iba't ibang paraan ng paggalang sa paniniwala o relihiyon ng iba kung ang bawat tao ay marunong gumalang sa pagkakaiba-iba ng lahat. Ano sa palagay mo ang mabuting maidudulot nito?

## Suriin


### Sino ako?

Pangkatin ang mga larawan na sumisimbolo sa relihiyon. Isulat sa Kahon A letra ng mga bagay na sumisimbolo sa pagiging Kristiyano. At isulat naman sa kahon B ang letra ng mga bagay na sumisimbolo sa pagiging Islam. Gawin ito sa iyong kuwaderno.


| Kahon A | Kahon B |
|---|---|
| Kristiyanismo | Islam |

Mga larawan:


a.




b.




c.




d.




e.



f.



# Pagyamanin

## Magpaliwanag ka!

Suriin ang bawat larawan at ipaliwanag ang nais ipahiwatig nito. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Larawan ng mga taong nagprusisyon at may tumatawang mga bata.
2. Larawan ng mga Muslim na nagsisimba.
3. Larawan ng batang pinaglalaruan ang dasalang kuwintas (**holy rosary**).


# Isaisip

Nararapat na igalang natin ang paniniwala ng iba tungkol sa Diyos. Anuman ang kanilang paniniwala ay hindi dapat nating pagtawanan dahil may damdamin din silang nasasaktan katulad natin, at iba-iba rin ang ating paraan sa pagsamba. May kasabihan nga tayo na: "Huwag mong gawin sa iyong kapuwa ang ayaw mong gawin sa iyo."

# *Isagawa*

**Pusuan Mo Ako!**

Humanap ng mga larawan na nagpapakita ng mga taong nagkakaisa at nagkakasundo sa kabila ng kanilang pagkakaiba sa paniniwala o relihiyon. Maaring gumamit ng mga lumang magasin, mga lumang bagay na maaaring magamit sa paggawa ng **collage**. Lagyan ng kaukulang pamagat. Idikit ito sa loob ng hugis-puso. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



# *Tayahin*

Pag-aralan ang mga sumusunod na sitwasyon. Piliin ang dapat gawin para sa sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Araw ng Linggo, nagsisimba ang mga Kristiyano. Nasa tapat ng inyong bahay ang simbahan. Napakalakas ng hiyaw ng iyong tatay habang nanonood ng **basketball** sa telebisyon. Ano ang gagawin mo?
   a. Makikisigaw ka rin.
   b. Hayaan ang iyong tatay sa kaniyang ginagawa.
   c. Pagsasabihan ko si tatay na hinaan ang kaniyang hiyaw dahil mayroong misa sa tapat ng bahay.

2. May prusisyon na ginagawa ang Katoliko. Nakasalubong ninyo ito ng kaibigan mong si Sadaf. Si Sadaf ay isang batang Muslim. Pinagtatawanan niya ang nagpruprusisyon. Bilang isang Katoliko, ano ang iyong gagawin sa sitwasyon?
   a. Makikitawa rin kay Sadaf.
   b. Hayaan na lang si Sadaf sa kaniyang ginagawa.
   c. Pagsasabihan si Sadaf na hindi tama ang kaniyang ginagawa.

3. Nagsisimba ang iyong buong pamilya. Nakita mo ang dalawang batang nagtatakbuhan sa loob ng simbahan. Ano ang iyong gagawin?
   a. Makipagtakbuhan din sa kanila.
   b. Hayaan na lang sila sa kanilang ginagawa.
   c. Lapitan sila at pagsabihan na hindi dapat maglaro sa loob ng simbahan.

4. Nakita mo na pinupunit ng iyong kaklase ang mga pahina ng banal na aklat. Ano ang gagawin mo?
   a. Hayaan lang siya sa kanyang ginagawa.
   b. Aagawin ko sa kanya ang banal na aklat at itapon sa basurahan.
   c. Kukunin ang banal na aklat at pagsabihan na mali ang kaniyang ginagawa.

5. May isinasagawang **prayer meeting** sa bahay ninyo. Maraming mga batang naglalaro at nagsisigawan sa labas. Ano ang gagawin mo?
   a. Makikipaglaro ka rin sa kanila.
   b. Hahayaan na lang ang mga bata.
   c. Pagsasabihan ang mga bata na hinaan ang boses dahil may **prayer meeting**.

# *Karagdagang Gawain*

Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Iguhit ang isang hugis-puso ♥ kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba, at parisukat ■ naman kung ito ay hindi nagpapakita ng paggalang sa iba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Maayos na nakipag-usap si Ana sa kanilang bagong kaklase na kabilang sa Iglesia ni Kristo.
2. Pinagtatawanan ni Mark ang kaibigang Muslim tuwing ito ay nagdarasal.
3. Magalang na nagtatanong si Al kay Lea tungkol sa kanilang paniniwalang panrelihiyon.
4. Iniiwan ni Jean at Anton si Ben tuwing naglalaro dahil magkaiba ang kanilang relihiyon.
5. Tahimik na nakikinig si Liza sa pagdarasal ng kaniyang kaibigan na si Cecil na isang Protestante.

# Susi sa Pagwawasto

| Karagdagang Gawain p. 10 | Tayahin p. 8 – 9 | Suriin p. 4 |
|---|---|---|
| 1. ♥ | 1. c | Kristiyanismo |
| 2. ■ | 2. c | a |
| 3. ♥ | 3. c | c |
| 4. ■ | 4. c | d |
| 5. ♥ | 5. c | |
| | | Islam |
| | | b |
| | | e |
| | | f |

# *Sanggunian*

Maria Carla M. Caraan et. al. *Edukasyon sa Pagpapakatao - ikatlong baitang : kagamitan ng mag-aaral sa sinugbuanong binisaya.* Unang Edisyon. Edited by Erico M. Habijan at Irene C. De Robles. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat, 2014, 198-207.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph